Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

25 Oktubre 2020 Ika-30 Linggo sa Karaniwang Panahon Taon A

LINGGO NG KAMALAYAN SA MGA BILANGGO

Ang Utos na Naglalaman ng Lahat ng Utos ng Diyos

Tayo ay nagdiriwang ng Ikatatlumpung Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang mga utos ng Diyos ay hindi lamang sampu. Ayon sa mga pantas ng Israel, ang lahat ng mga utos ng Diyos sa Lumang Tipan ay 613. Hindi kayang alalahanin ng karaniwang tao ang lahat ng ito. Kaya kung hindi man lamang maalaala ay paano pa kaya tutuparin ang mga ito? Dahil dito ay talagang naghahanap ang mga tao ng paraan para mapadali ang kanilang pagtalima sa mga utos ng Panginoon. Si Hesus ang nagbigay ng katugunan sa paghahanap na ito. Ang kanyang tugon ay ang Dakilang Utos ng Pag-ibig.

Hango rin naman sa Lumang Tipan ang utos na umibig sa Diyos at sa kapwa. Ang pag-ibig sa Diyos ay nasa ikalimang aklat ng Biblia, ang Aklat ng Deuteronomio. Ang pag-ibig sa kapwa ay mababasa naman sa Aklat ng Levitico, ang ikatlong aklat ng Biblia. Subalit pinaglapit ni Hesus ang dalawang utos na ito. Ang pag-ibig sa Diyos ang dapat pagkunan ng pag-ibig sa kapwa. Ang pag-ibig sa kapwa naman ang dapat magpamalas ng pag-ibig sa Diyos. Ang taong tunay na umiibig ay magagawa ang lahat ng ipinag-uutos ng Diyos. Maging dalisay nawa ang ating pag-ibig sa Diyos at sa kapwa upang matupad natin ang lahat ng ninanais ng Poong Maykapal.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magdiwang sa Poon natin. Siya ay ating sambahin. Siya ay ating hanapin nang tayo ay palakasin ng mukha niyang maningning.

Pagbati

P **–**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nagbigay ng Dakilang Utos ng Pag-ibig, ang pagmamahal ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B **– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Tayo ay binigyan ng Panginoong Hesus ng sikreto upang maging magaan ang ating pagiging kanyang mga alagad. Humingi tayo ng kapatawaran para sa ating mga kakulangan ng pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa-tao. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Para sa aming kahinaan ng pananampalatayang naging sanhi ng aming pag-aalangang tupdin ang iyong Dakilang Utos ng Pag-ibig, Panginoon, kaawaan mo kami!

B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming kawalan ng pag-asa sa ligayang tatamasahin ng mga alagad na wagas magmahal sa Diyos at sa kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

B **– Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming kakulangan ng pag-ibig sa aming kapwang siyang patunay ng aming malalim na pag-ibig sa Poong Maykapal, Panginoon, kaawaan mo kami!

B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B **– Amen!**

Papuri

B **–**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang

Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig namin ay iyong dagdagan at gawin mong mahalin namin ang iyong mga kautusan upang sa mga pangako mo kami'y maging dapat makinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B–*Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Exo 22:20-26***

Itinuturo ng Aklat ng Exodo na ang kaanib ng Bayan ng Diyos ay tunay magmahal. Ang pagmamahal na ito ay ipinamamalas lalo na sa mga taong nangangailangan. Ang Panginoon ang siyang umaampon sa mga taong ito at siya rin ang gaganti sa mga umaapi sa kanila.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ng Exodo

Ito ang sinasabi ng Panginoon: "Huwag ninyong aapihin ang mga taga-ibang bayan; alalahanin ninyong nangibang-bayan din kayo sa Egipto. Huwag din ninyong aapihin ang mga babaing balo at ang mga ulila. Kapag inapi ninyo sila at dumaing sa akin, diringgin ko sila. Dahil dito, kapopootan ko kayo at lilipulin sa pamamagitan ng digmaan. Sa gayo'y mababalo rin ang inyu-inyong asawa at mauulila ang inyong mga anak.

Kapag nangungutang sa inyo ang mga kababayan ninyong mahihirap, huwag kayong hihingi ng tubo, tulad ng ginagawa ng mga usurero. Kapag may nagsanla sa inyo ng balabal, ibalik ninyo iyon sa kanya bago lumubog ang araw sapagkat iyon lamang ang pambalot niya sa katawan; wala siyang kukumutin sa pagtulog. Kapag siya'y dumaing sa akin, diringgin ko siya sapagkat ako'y mahabagin."

Ang Salita ng Diyos!
***B –* Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 17***

B –Poong aking kalakasan, iniibig kitang tunay!

R. M. Velez



*** O Panginoon kong aking kalakasan, minamahal kita nang tunay na tunay. Panginoo'y batong hindi matitibag, matibay kong muog at Tagapagligtas.** ***B.***

*** D'yos ko ang sa akin ay s'yang nag-iingat. Tagapagtanggol ko at aking kalasag. Sa 'yo, Panginoon, ako'y tumatawag, sa mga kaaway ako'y 'yong iligtas.** ***B.***

*** Panginoo'y buhay, siya'y Tagapagligtas, matibay kong muog, purihin ng lahat. Sa piniling hari, dakilang tagumpay, ang kaloob ng D'yos sa kanyang hinirang.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***1 Tes 1:5-10***

Ang pagtulad ng mga Kristiyano sa Tesalonika kay San Pablo ay nagdala sa kanila ng hirap. Ngunit hindi nagkulang ng tulong at aliw na galing sa Espiritung Banal. Dahil dito, naging huwaran din sila ng ibang mga Kristiyano.

L –Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Nakita ninyo kung paano kami namuhay sa inyong piling – ito'y ginawa namin para sa inyong kabutihan. Tinularan ninyo kami at ang Panginoon. Tinanggap ninyo ang Mabuting Balita, at dahil dito'y nagdanas kayo ng katakut-takot na hirap. Gayunman, taglay pa rin ninyo ang kagalakang kaloob ng Espiritu Santo. Kaya't naging huwaran kayo ng mga kapatid sa Macedonia at Acaya.

Sapagkat hindi lamang ang salita ng Panginoon ang lumaganap sa Macedonia at Acaya sa pamamagitan ninyo. Pati ang balita tungkol sa inyong pananampalataya ay kumalat sa lahat ng dako. Anupa't hindi na kailangang magsalita pa kami tungkol dito. Sila na ang nagbabalita kung paano ninyo kami tinanggap. Sila rin ang nagsabing tinalikdan na ninyo ang pagsamba sa mga diyus-diyosan upang maglingkod sa tunay at buhay na Diyos, at maghintay sa kanyang Anak na si Hesus. Siya ang muling binuhay na magbabalik mula sa langit at magliligtas sa atin sa darating na poot ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
***B –* Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Jn 14:23***

***B –*Aleluya! Aleluya!**
Ang sa aki'y nagmamahal tutupad sa aking aral. Ama't ako'y mananahan.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mt 22:34-40***

Ang Dakilang Utos ng Pag-ibig ay paraang itinuro ng Panginoong Hesukristo upang matupad ang lahat ng utos ng Diyos. Hindi na dapat mabalisa ang isang alagad kung paano aalalahanin ang lahat ng mga utos ng Diyos. Sa kanyang dalisay na pag-ibig ay magagawa niya ang lahat ng hinihingi ng Diyos.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
***B –* Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, nagtipun-tipon ang mga Pariseo nang mabalitaan nilang napatahimik ni Hesus ang mga Saduseo.

At isa sa kanila, isang dalubhasa sa Kautusan, ang nagtanong kay Hesus upang subukin ito: "Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa kautusan?" Sumagot si Hesus: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang turo ng mga propeta."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B –* Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu

Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Hingin natin sa Diyos na mapuspos tayo ng pag-ibig at nang matupad natin ang lahat ng Kanyang ipinag-uutos. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

***B* –Amang dalisay magmahal, dinggin Mo ang Iyong mga anak!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapuspos sila ng pag-ibig sa Diyos at sa kanilang kapwa at magsilbing mga huwaran para sa kanilang kawan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic,* upang maging tunay ang kanilang pagmamahal sa taong-bayan at nang mapaglingkuran nila ang lahat nang walang pag-iimbot, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 Pandemic,* at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang puspusin sila ng Espiritung Banal ng tunay na pag-ibig at sa gayon ay maging masaya ang kanilang paglilingkod, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat ng mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating matutunang magmahal nang tunay at nang malampasan natin ang ating mga hidwaan at pagkakaiba, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na nananalangin sa Linggong ito, upang maramdaman natin sa kaibuturan ng ating mga puso ang wagas na pag-ibig para sa Diyos at sa ating kapwa at sa gayon ay kilalanin tayong tunay na mga anak ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Ama naming bukal ng dalisay na pag-ibig, ibuhos Mo sa amin ang handog ng Iyong Espiritung Banal upang maikintal sa aming mga kalooban ang tunay na pag-ibig sa Iyo at sa lahat ng Iyong mga anak at dahil dito ay mapasaya Ka namin sa pagtupad sa lahat ng Iyong ipinag-uutos. Ang lahat ng ito ay hinihiling namin sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.
***B* – Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .
***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –** Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay na aming inihahain sa iyong kadakilaan upang ang paglilingkod na aming ginagampanan ay humantong sa iyong lalong ikadarangal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

Prepasyo VI

P – Sumainyo ang Panginoon!
***B* – At sumaiyo rin!**
P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B* – Itinaas na namin sa Panginoon!**
P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B* – Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
***P* –** Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magiging kaligayahang aming pakikinabangan ang iyong pagtatagumpay. Panginoon, ang 'yong ngalan ay aming papupurihan.

Panalangin Pagkapakinabang

P **–** Ama naming mapagmahal, maging lubos nawa ang aming pakikinabang sa tinanggap namin sa piging mong banal upang ang aming ginaganap nang lantaran ay siyang aming makamtang tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–** Sumainyo ang Panginoon.
B **– At sumaiyo rin!**

P **–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
– Bigyan nawa kayo ng Diyos ng lakas para Siya'y mahalin nang buong puso.
B **– Amen!**

P **–** Pagpalain Niya nawa kayo para mahalin ang inyong kapwa gaya ng pagmamahal sa inyo ni Kristo.
B **– Amen!**

P **–** Alalayan nawa kayo ng Panginoon sa inyong pagsisikap na tumupad sa inyong mga tungkulin at gantimpalaan kayo ng kaligayahang walang hanggan.
B **– Amen!**

P **–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B **– Amen!**

P **–** Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.
B **– Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang ***Unitatis redintegration*** *(Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa)* na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang ikalawa ay tungkol sa tamang pananaw sa ating mga napahiwalay na kapatid sa Kanluran. Ang ikalabinsiyam na bilang ay nagpapahayag ng kahirapang bumabalot sa mahirap na pagkakaisa ng mga Simbahan at pamayanang Kristiyano sa Kanluran.

IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA

Ikalawang Bahagi: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG NAPAHIWALAY NA NASA KANLURAN

"Ang mga Simbahan at pamayanang humiwalay sa Simbahan ng Roma noong panahon ng matinding paghihirap na nagsimula sa Kanluran sa katapusan ng mga Kalagitnaang Dantaon o makatapos ng mga ito ay may kaugnayan sa Simbahang Katoliko dahil sa kakaibang malapit na ugnayang bunga ng mahabang panahon mula sa mga dantaong ang bayang Kristiyano ay nabubuhay nang nagkakaisa."

"Subalit dahil ang mga Simbahan at pamayanang ito ay malaki ang pagkakaiba hindi lamang sa atin kundi sa kanila na rin sapagkat iba't iba ang kanilang pinagmulan at ang kanilang mga paniniwala hinggil sa pagtuturo at sa pamumuhay, ang sapat na paglalarawan sa kanila ay napakahirap; hindi natin nais gawin ito rito."

"Kahit ang paggalaw tungo sa pagkakaisa at ang paghahangad ng pakikipagkasundo sa Simbahang Katoliko ay hindi pa nasasaklaw ang lahat ng pook, tayo ay umaasa pa ring ang diwa ng pagkakaisa at ang paggalang sa isa't isa ay unti-unting lalaganap sa lahat ng tao."

"Dapat ding kilalaning sa pagitan ng mga Simbahan at pamayanang ito at ng Simbahang Katoliko ay mayroong mabibigat na pagkakaibang hindi lamang hango sa kasaysayan, buhay-panlipunan, paraan ng pag-iisip, at kultura, kundi sa pang-unawa sa ibinunyag na katotohanan. Para padaliin ang paglahok sa pag-uusap tungo sa pagkakaisa kahit tigmak ng pagkakaiba ay nais nating ilatag ang ilang mga bagay na dapat pag-ukulan ng pansin upang maging batayan at panghimok para sa pag-uusap na ito."

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • ***Telefax:*** 8894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** J. Feliciano • ***Circulation:*** R. Saldua